

36 armas nakumpiska

TATLUMPU'T ISANG armas, kabilang ang labinlimang mataas na kalibreng sandata, ang naidagdag sa arsenal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga aksyong pamamarusa nitong nakaraang dalawang linggo ng Oktubre. Dagdag rito, limang baril ang nakumpiska sa probinsya ng Quezon noong unang linggo nitong buwan.

Bukidnon. Dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ang mga pwersang panseguridad ng Davao Ventures Corporation (Davco) noong Oktubre 8, ganap na 4:15 ng hapon sa Barangay Merangeran, Quezon. Ang walang-putok na operasyon ay isinagawa ng BHB South Central Bukidnon Subregional Command (SCB-SRC) sa ilalim ng BHB-North Central Mindanao.

Ang DAVCO ay isang kumpanyang multinasyunal na dating pag-aari ng pamilyang Del Rosario at Antonio Leviste. Sa kasalukuyan ito ay pinatatakbo ng isang dayuhang mamumuhunan mula sa Brazil. Ang pagsalakay ng BHB sa Davco ay pagparusa sa mga paglabag ng kumpanya sa mga patakaran sa lupa at kapaligiran ng rebolusyonaryong kilusan.

Walang awat ang Davco sa pang-aagaw ng lupa para sa tuluy-tuloy na ekspansyon ng plantasyon.

Dahil sa pagsira nito sa kapaligiran, palagi nanganganib sa malakihang pagbaha

"36 armas..." *sundan sa pahina 3*



EDITORIAL

Bibiguin ng sambayanan ang bantang diktadura ni Duterte

Paulit-ulit ang banta ng nagtitigas-tigasang pasistang si Rodrigo Duterte na magtatatag siya ng diktadura. Kamakailan, idineklara niyang magtatayo siya ng "isang rebolusyonaryong guberno sa nalalabing panahon sa poder" upang supilin ang lahat ng lumalaban at angkinin ang kapangyarihang alisin ang sinuman sa guberno at iupo ang yaon lamang susunod sa kanyang dikta. Pinaglawayan ni Duterte ang absolutong kapangyarihang hindi nahahangganan ng konstitusyon ng GRP o ng anumang batas.

Ipinakikita ng pagmamayabang at pagbabanta ni Duterte ang lumalalim na desperasyon niyang kumapit sa poder. Lumilikha siya ng malakas na ingay tungkol sa "destabilisasyon" at "rebelyon" upang lunurin ang lumalabas na panawagan para siya patalsikin at papanagutin sa lahat ng krimen sa ilalim ng tripleng gera ng kanyang rehimen. Tulad noon ni Marcos, pina-

lalabas niyang nakikipagsabwatan sa armadong rebolusyonaryong kilusan ang iba't ibang mga pwersang demokratiko at progresibo at ang mga karibal niya sa pulitika upang ipitin sila at bigyang-matwid ang armadong pagsupil sa kanila.

Nagmamadali si Duterte na palakasin ang militar at pulis at pahigpitan ang kontrol niya upang itatag ang

isang diktadura at ipagtanggol ito sa pamamagitan ng pwersa para supilin ang lahat ng pagtutol at paglaban.

Naghahabol si Duterte na ma-kuha ang suporta ng imperyalistang hepe na si Trump at ng establis-mentong panseguridad at pande-pensa ng US sa pamamagitan ng pagbibigay sa militar ng US ng lahat ng kalayaan na manghimasok sa Pi-lipinas at gamitin itong lunsaran ng pagpapakitang-gilas sa South China Sea. Nagpapamalas siya ng todong pagpapakatuta sa US.

Nais ni Duterte na wasakin ang lahat ng sagabal sa kanyang buruk-rata-kapitalistang paghahari upang bigyan ang kanyang mga kroni, mga malaking burgesyang komprador na kumpare at mga pinapaburang sindi-katong kriminal ng walang hanggang oportunidad na gamitin ang pera ng mamamayan at pribilehiyo ng estado para mag-ipon ng tubo at yaman.

Nagkukumahog si Duterte sa planong pagpataw sa mamamayan ng bagong mga buwis bilang kolateral o garantiyang makapagbayad sa pautang mula sa World Bank at

Asian Infrastructure Investment Bank at ODA (official development aid) mula Japan. Balak ding kalta-san ang buwis na sinisingil sa mga korporasyon bilang insentibo para sa dayong pamumuhunan. Minama-dali rin ni Duterte ang pagbabago ng konstitusyong 1987 ng GRP upang bigyang-daan ang todong li-beralisasyon at ang kanyang pla-nong itatag ang isang pederal na anyo ng gubyernong magbibigay ng ligalidad sa kanyang pinalawig na paghahari. Batid ni Duterte na ma-bilis siyang nauubusan ng panahon para mabawi ng mga sumuportang malalaking kumprador ang daan-daang milyong pisong ipinuhunan sa kanya noong eleksyon.

Sa harap ng malalim na krisis pang-ekonomya at panlipunan ng naghaharing sistemang malakolon-yal at malapyudal, mas malamang na hindi magtatagal ang isang dik-tadurang Duterte, kahit pa magawa niyang mapalawig ang kanyang bu-hay. Taliwas sa layunin niyang ga-nap na kontrolin ang estado, tiyak na palalalimin ng isang diktadurang Duterte ang pagkakabitak ng nag-







haharing uri at ng kanyang rehimen, laluna sa hanay ng AFP at PNP at sa mga bulok nitong upisyal na tapat sa iba't ibang paksyon sa pulitika.

Sa pagbabantang agawin ang lahat ng kapangyarihan, idineklara rin ni Duterte na maglulunsad ng gerang "full-scale" laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang totoo, hindi kailanman naglubay ang AFP sa *all-out war* sa buong bansa (kahit noong panahon ng limang buwang sabayang tigil-putukan sa BHB). Alinsunod sa utos ni Duterte na "patagin ang mga bundok", nag-lunsad ang AFP ng kampanya ng "aerial bombing" laban sa mga ko-munidad ng magsasaka na naglagay ng buhay ng mga sibilyan sa pa-nganib. Malawakang paglabag sa karapatang-tao sa buong bansa ang ibinunsod ng todong-gera ng AFP.

Sabi ni Duterte, nakahanda siya sa panibagong 50 taong gera laban sa BHB. Sa harap ng krisis ng nag-haharing sistema, sobra-sobrang panahon na ito para gapiin ng BHB ang AFP. Pero ang totoo, bigo ang AFP at ang reaksyunaryong gub-verno sa tangka nitong mabilis na tapusin ang gera laban BHB sa pa-mamagitan ng mga sunud-sunod na kampanyang all-out war. Kahit nga ang limitadong gera sa Marawi City para supilin ang isang armadong pag-aalsa ng mga Moro ay hirap na hirap na mabilisang tapusin ng AFP.

Ang isang kudeta ni Duterte pa-ra itatag ang isang diktadura ay tiyak na magbubunsod ng pagbu-buklod ng sambayanang Pilipino sa isang malapad na prenteng anti-diktadura na may malakas na ubod ng mga pambansa-demokratikong pwersa. Batid ang mga aral sa ilalim ng diktadurang Marcos, determinado ang sambayanang Pilipino na laba-nan ang plano ni Duterte na itatag ang isang pasistang diktadura.

Hindi natatakot ang bayan sa banta ni Duterte na "ipaaaresto ko kayong lahat." Taliwas dito, si Du-terte ang gusto nilang ipaaresto upang mapanagot siya sa lahat ng krimen niya laban sa mamamayang Pilipino. AB

	
Tomo XLVIII Blg. 20 Oktubre 21, 2017	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.	
Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.	
 instagram.com/prwinfo	
 youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral	
 @prwc_info	
 fb.com/philrevwebcentral	
 cppinformationbureau@gmail.com	
Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas	
<h2>Nilalaman</h2>	
Editorial: Bibiguin ng sambayanan ang balak na diktadura ni Duterte	1
36 armas, nakumpiska	1
Marumi at madugong pulitika	4
IACLA: Bagong bihis ng panggigipit	5
Sundalo, inabswelto	5
Pangangayupapa sa ekonomya	6
Buwan ng Magsasaka	7
Lakbayan ng mga magsasaka	8
Krisis sa asukal	9
Tigil-pasada, tagumpay	9
Bangon Marawi para sa iilan	11
Panggigipit, sagot sa pagkilos	12

ang lugar. Gumagamit rin ito ng mga nakalalasang kemikal na nagdudulot ng mga sakit sa paligid nitong matataong lugar.


Naparalisa ng mga Pulang mandirigma sa nasabing pag-atake ang boom spray, traktora, water tanker, dalawang backhoe, chemical mixer at sinilaban ang supply depot

kung saan nakalista ang mga nakalalasang kemikal.

Nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ang 22 armas kabilang ang 12 M16, isang M14, isang sniper rifle, apat na shotgun, tatlong kalibre .45 na pistola, isang 9mm, mga bala at kagamitang pangkomunikasyon. Umabot lamang sa 40 minuto ang nasabing aksyong militar. Ayon sa BHB-NCMR, babala ito sa plano ng rehimeng US-Duterte na ibayong pagpapalawak ng pananim na komersyal at pang-eksport tulad ng palm oil, pinya, saging, kakaw, at goma sa pangangamkam ng milyong ektaryang lupa.

South Cotabato. Nireyd ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Far South Mindanao sa ilalim ng Mt. Musa Subregional Operations Command ang plantasyon ng Sumifru sa Sityo Lakag, Barangay New Dumangas, T'boli, South Cotabato. Nangyari ang reyd bandang 10:30 ng gabi noong Oktubre 2. Sinunog ng mga mandirigma ang pasilidad ng kumpanya. Nakuha nila ang dalawang 9mm na baril, dalawang shotgun at dalawang handheld radio mula sa nakatalagang gwardya nito. Sinunog din ang container van, dalawang tanker truck, ang packing plant at bodega nito.

Ang hakbang pamamarusa ay laban sa pangangamkam ng lupa at masamang kundisyon sa paggawa ng nasabing kumpanya.



Mt. Province. Sinalakay ng BHB—Mt. Province (Leonardo Pacci Command) sa substation ng Hydro Electric Development Corporation (HEDCOR) Inc.—Sabangan sa Barangay Otucan Norte, Bauko, Mt. Province, ganap na alas-10:45 ng gabi, Oktubre 10. Ang naturang substation ay nagsisilbing transmission station ng planta patungong pambansang linya ng kuryente. Ayon kay Ka Magno Udyaw, tagapagsalita ng LPC, tahasang ninanakawan ng Sabangan 14MW power plant ng HEDCOR ang lokal na naninirahan sa kanilang karapatan sa lupain at tubig.

Dagdag pa ni Ka Magno, kut-sabahan ng HEDCOR at lokal na guberno at ahensya nito ang pagmanipula sa prosesong "free prior and informed consent." Tanging ang kinonsulta lamang ng kumpanya ay ang mga upisyal ng guberno at ang may ari ng lupang direktang apektado, ang komunidad ng Napua at Namatec. Hindi kinonsulta ang iba pang apektado tulad ng nasa ibaba at pataas na bahagi ng Chico River at iba pang dadaanan ng mga transmission line. Hindi rin kumpleto ang iprinisintang teknikal na disenyo ng kumpanya, katulad ng laki ng tunnel at taas ng dam o mga weir nito.

Ayon pa kay Ka Udyaw, habang kumukulekta ang HEDCOR ng P4.56 bawat kilowatt hour (kwh) para sa generation charges, nagbabayad lamang ito ng P0.005/kwh para sa royalty kung saan mas mababa ito sa

P0.01/kwh na hinihingi ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA). Nagbabayad lamang ang HEDCOR ng P1.50 kada metro kwadrado (square meter o sqm) sa lupang inuokupa nito, P2.00/sqm para sa mga palayan at gulayan na may 5% na pagtaas kada limang taon at P2.00/sqm para sa malapit sa kalsada sa loob ng limang taon.

Hindi rin tumupad ang HEDCOR sa usapan nila ng mga "elders" at piling pinuno ng Namatec at Napua. Itinayo ang Sabangan Hydro noong 2013 at nagsimulang gumana noong 2015 sa kabila ng lagang protesta mula sa mga komunidad.

Sorsogon. Nireyd ng isang platoon ng BHB—Sorsogon (Celso Minguez Command) ang outpost ng PNP-Gubat, 200 metro mula sa hedkwarters nito noong Oktubre 15, alas-6 ng gabi. Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang isang M16 at mga bala. Napatay ang isa sa apat na pulis na bantay nito.

Bantog sa kasamaan ang mga tauhan ng pulis sa bayan ng Gubat. Nirereklamo sila ng mga residente ng mga Bulacao, Nagagan, Bentuco, Sangat, Union, Casili at iba pang barangay ng pananakot, pambubugbog, pagbanta-sa-buhay at pamamaslang.

Quezon. Limang armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command o AMC) mula sa magkakahiwalay na reyd noong unang linggo ng Oktubre.

Kabilang sa mga nakumpiska ang apat na pistola at isang riple. Tinarget ng mga reyd ang mga bahay ng masasamang elemento at aset ng pulis, at bahay ng isang aktibong elemento ng CAFGU.

Samantala, isang CAFGU rin ang namatay sa operasyong isnayp ng isang yunit ng AMC sa detachment ng kaaway sa Barangay Duhat, San Francisco noong Oktubre 3.

Ang marumi at madugong pulitika ni Duterte

Tinanggap nitong Oktubre 11 ng PDP-Laban, ang partidong pam-pulitika ni Rodrigo Duterte, ang dating presidente at ngayo'y kongresista na si Gloria Macapagal-Arroyo at ilan sa kanyang dating mga upisyal. Ang pagbabalimbing o paglilipat-lipat ng partido ay tak-tak ng bulok na pulitika ng naghaharing sistema. Ang mga oportu-nistang pulitiko ay kumakapit sa naghaharing partido.

Sa pagtanggap kay Arroyo, pina-tunayan ni Duterte na hungkag ang sinasabi niyang pagkamuhi sa korap-syon at katiwalian sa gubyrerno. Sa-riwang-sariwa pa sa alaala ng ma-mamayan ang malulubhang krimen ni Arroyo nang siya ay presidente, ka-bilang ang malakihang pandaram-bong at pandaraya sa eleksyon, at ang pasistang panunupil ng Oplan Bantay Laya. Kapalit ng pagpabor ni Duterte, nangako si Arroyo na iko-konsolida ang suporta para kay Du-terte sa loob ng kongreso.

Katangian ng isang burukrata-kapitalista ang bulok na pulitika. Marka ito ni Duterte kahit mula noong meyor pa siya ng Davao City. Samutsari ang naging maniobra ni Duterte laban sa kapwa burukrata-kapitalista, sukdulang maging ma-dugo ang mga ito.

Matingkad ito sa ribalan nila ni Prospero Nograles, mahigpit niyang karibal sa pulitika sa Davao City. Ang mga ipinagawa ni Nograles na mga plasa at basketbolan sa syudad ay ipinasisira sa ngalan ng “flood control.” Noong 2001, ipinalabas ng kampo nila Duterte ang maeskanda-long bidyo ni Nograles, katulad ng ginawa niya kamakailan para ipitin ang karibal niyang si Sen. Leila de Lima.

Isa sa mga tampok na madu-gong insidente na idinidiin kay Du-terte ay ang pagpatay kay Juan Pa-la. Isa noong brodkaster sa radyo si Pala at nanalo bilang konsehal ng Davao City noong huling bahagi ng dekada 1990 sa suporta ni Nogra-les. Naging mahigpit siyang kritiko ni Duterte na kanyang inakusahan na utak ng Davao Death Squad (DDS). Hayagang binantaan ni Du-terte na ipapapatay si Pala bago si-ya tuluyang pinaslang ng pinanini-

walaang mga tauhan ng DDS. Itinuturo rin si Duterte bilang utak sa pagpatay sa ilan pang mamamahayag sa syu-dad na tumutuligsa sa kanya.

Noon namang elek-syong 2010, apat na mga tagakampanya at tagasuporta ni Nograles ang dinukot at pinatay ng DDS. Sa panig ni Nograles, kinatulong na-man niya ang berdugong si Jovito Palparan bilang pantapat sa DDS, kasabay ng pangangampanya para sa anti-komunistang partido na Bantay. Nitong huli, nagpahayag na ng katapatan kay Duterte ang pa-milyang Nograles at sumama na rin sa kanyang partido pulitikal.

Laganap na paniniwala na ki-nasangkapan ni Duterte ang DDS at isa ito sa susing salik sa burukrata-kapitalistang kapangyarihan niya sa Davao City. Inorganisa ito nang magsimula siyang maging meyor ng syudad noong 1988. Kinontrol niya ang lokal na mga pwersa sa lambat-paniktik ng estado at mula rito ay nakapagpalitaw ng mga unang tauhan ng DDS, karaniwa'y mga pulis at sundalong nasa serbisyo. Mala-king bahagi ng pantustos at pabuya sa grupo ay nagmula sa malaking Peace and Order Fund ng syudad.

Nagmumula ang pondong ito sa upisina ng nakaupong presidente at ibinibigay sa mga meyor at guber-nador para umano sa mga programa sa kontra-insurhensya at anti-kri-men. Noong 2009, umabot ng P450 milyon ang pondong ito na maaaring gastusin ng meyor nang walang-pagsusulit. Sa panahong ito, nagsi-silbi si Duterte bilang “tagapayo” ni Macapagal-Arroyo hinggil sa prog-



ramang anti-krimen ng gubyrerno.

Tulad ng iba pang burukrata-kapitalista, kontrolado rin ni Du-terte ang lokal na pulisya upang magsilbing sariling armadong pwersa. Dagdag na pakinabang pa-ra sa kanya, nagsilbi rin itong balon ang lokal na pulisya para sa mga tauhan sa DDS.

Sa kabila ng marumi at madu-gong mga atake ni Duterte sa kan-yang mga kalaban, malayang naka-paglalabas-masok ang *warlord* na pamilyang Ampatuan sa Davao City sa ilalim ng kanyang pamumuno. Gayundin, nakapagpalawak ng ne-gosyo at ari-arian ang *warlord* at mangangamkam ng lupa na si Apollo Quiboloy sa ngalan ng kanyang sekta. Namayagpag din ang iligal na droga at ismagling sa syudad dahil sa pagbibigay-proteksyon ni Duter-te at kanyang DDS sa mga pinapa-burang sindikato.

Dagdag na maniobra para ma-konsolida ang kapangyarihan sa syudad, nagtalaga si Duterte ng kanyang kinatawan sa lahat ng tat-long distrito ng Davao City upang masawata ang mga maniobra ng karibal na kampo. Mistulang mauu-lit sa pambansang saklaw ang di-senyong ito sa pagsuspende ni Duterte ng eleksyong pambarangay hanggang 2020 at pagtalaga sa ha-lip ng mga barangay kapitan. Pabor sa kanya ang naganap na sunud-

sunod na mga pagpatay sa mga barangay kapitan kamakailan (anim mula Enero) sa Metro Manila upang mapalitan ng mga matatapat sa kanya.

Pinaniniwalaan na ang karanasan sa paggamit ng DDS ang ginagamit ngayon ng rehimeng Duterte sa pagpapatakbo ng “gera kontra droga” at sa pagbibigay-proteksyon sa pinapaburang mga kriminal na sindikato at pagpawi sa kanyang mga kalaban sa pulitika. Hindi malayong katulad ng paggamit niya sa pondong paniktik ng Davao City noon, gagamitin din niya ang kanyang P2.5 bilyong pondong paniktik para sa 2018 ang pagpapalawak ng kanyang mga *death squad*. AB

IACLA: bagong bihis, lumang panggigipit

GINAWA NANG PORMAL ng rehimeng US-Duterte ang dati nang ginagawang panggigipit sa mga aktibista at progresibong lider sa pagtatayo nito ng PNP-AFP Inter-Agency Committee on Legal Action (IACLA) noong Oktubre 10. Pinirmahan ang naturang resolusyon sa okasyon ng ika-20 AFP-PNP National Joint Peace and Security Coordination Council meeting sa Camp Crame, Quezon City.

Sa pamamagitan ng IACLA, magiging “ligal” ang pulitikal na pang-uusig, arbitraryong pang-aaresto at pagkulong sa sinumang tumututol sa pamamalakad ng gubyrerno, kabilang na ang mga progresibong organisasyon at oposisyon sa pulitika. Bahagi ito sa mga hakbang ng rehimeng US-Duterte upang maging ganap ang kontrol nito sa buong makinarya ng estado at militar at bilang paghahanda sa kanyang itinatayang diktadura.

Ang IACLA ang tututok at mas magpipino sa gawa-gawang mga kasong isasampa sa mga inaarestong mga aktibista at oposisyon. Bagong bihis ito ng dating Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ni Gloria Arroyo, na siyang nagsampa ng gawa-gawang mga kasong kriminal para busalan ang tinig sa kongreso ng mga progresibong kongresista at gipitin ang mga lider ng organisasyong masa. Itinuring ito noon ni Special Rapporteur Philip Alston ng United Nations Human Rights Council bilang isa sa mga mapaniil na institusyon ng gubyrerno.

Sa disenyo pa lamang, mas masahol ang IALAC kumpara sa IALAG. Wala itong pagkukunwari na susunod sa mga prosesong ligal, di tulad ng IALAG na itinatag kasama ang Department of Justice, Department of Interior and Local Government at iba pang sibilyang ahensya. Ang IALAC ay solong-solo ng PNP at AFP, ang dalawang makinaryang pangunahing ginagamit ng rehimen sa kanyang tiraniya.

Kahit binuwag ang IALAG noong 2012, nagpatuloy ang pang-aaresto at pangdedetine sa mga aktibista. Ang anyong ito ng “legal offensive” ng estado ay isang integral na bahagi ng iba’t ibang mga kontra-insurhengyong oplan mula pa noong Oplan Bantay Laya ni Arroyo. Tiyak na padudulasin at lalong patitindihin nito ang dati nang ginagawang panggigipit na ito.

Ayon sa Karapatan, sa panahong walang IALAG o IACLA ay nakapagtala na ito ng 1,112 biktima ng ilegal na pang-aaresto mula Hulyo 2016 hanggang Setyembre 2017. Ang 219 sa mga ito ay ikinulong. Kaya may hindi bababa sa 85 bagong detenidong pulitikal, na nagdadala sa total na 430 bilangong pulitikal na pinatungan ng gawa-gawang kasong kriminal. AB

Dumukot kay Burgos, inabswelto


MULING PINATUNAYAN ng reaksyunaryong husgado ang pagkiling nito sa naghaharing uri laban sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao nang pinawalang-sala nito ang upisyal militar na dumukot sa aktibistang si Jonas Burgos. Nagdesisyon ang Quezon City Regional Trial Court Branch 216 noong Oktubre 12 na walang matibay na batayan ang kaso laban kay Army Maj. Harry Baliaga, Jr.

Dulot ito ng pagkawala ng dalawang testigo na nagturo kay Baliaga bilang isa sa mga sundalong dumukot kay Burgos. Sa huling pagkakaalam ng mga abugado ng pamilya, hawak ng AFP ang isa sa mga saksi.

Dinukot si Burgos noong Abril 28, 2007 sa Quezon City. Tinyente noon ng 56th IB si Baliaga. Sinampahan siya ng kaso noong Oktubre 2013, ngunit agad na nagpyansa ang militar, at itinaas ang kanyang ranggo sa *major*.

Idinidiin ng mga abugado ng pamilyang Burgos na si Baliaga ang may awtoridad noon sa 56th IB. Balak nilang magsampa muli ng kaso sa mga upisyal na nauna nang pinawalang sala ng Department of Justice noong 2013—sina Lt. Col. Melquiades Feliciano, ang noo’y Col. Eduardo Año, Gen. Hermogenes Esperon, Lt. Gen. Romeo Tolentino, Lt. Gen. Alexander B. Yano at Dir. Gen. Avelino Razon Jr.

“Respetuhin natin ang desisyon, pero hindi ibig sabihin ay natalo tayo,” wika naman ni Edita Burgos, ina ni Jonas, sa piket sa labas ng Quezon City Hall of Justice.

Si Jonas Burgos ang isa sa naiulat ng Karapatan na 900 biktima ng pagdukot at sapilitang pagkawala sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo. May lima na ngayong kaso ng sapilitang pagkawala sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, at 91 kaso ng pagpaslang sa mga magsasaka. 

Desperado sa dayong kapital si Duterte

Nagkukumahog ang rehimeng Duterte na makahatak ng dayuhang pamumuhunan at makalikom ng pondo para sa mga programang anti-nasyunal nito. Nasa US at Europe ngayon ang ilang susing upisyal nito para mangumbinsi sa mga kapitalista roon na mamuhunan sa bansa..

Ito ay matapos bumagsak nang 91% ang bagong dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas tungong \$141 milyon sa unang hati ng taon mula \$1.448 bilyon noong unang hati ng 2016. Bumagsak nang 24% ang kabuuang dayuhang puhunan mula \$3.95 bilyon noong 2016 tungong \$3.01 bilyon. Taliwas sa paghahambog ni Duterte ng mga bagong pamumuhunan mula sa China, wala pang pumasok na malaking pondo mula rito.

Ang totoo, malaking bahagi ng tinatawag na “dayuhang pamumuhunan” ay hindi galing sa labas ng bansa. Mahigit 80% nito (\$2.45 bilyon) ay nasa anyo ng pangungutang sa pagitan ng mga dayuhang kumpanya at kanilang lokal na mga subsidiaryo. Lagpas sa 10% naman (\$345 milyon) ay pamumuhunan ng mga kumpanya ng kanilang kita mula sa lokal nilang operasyon.

Noon pang nakaraang taon bumagsak ang katayuan ng Pilipinas sa listahan ng World Economic Forum (WEF) ng mga bansang “competitive” o malakas sa kompetisyon. Bumagsak ang Pilipinas sa listahan ng mga bansang paboritong paglagaan ng kapital mula ika-46 noong 2015 tungong ika-57 sa 2016. Ito ay sa kabila ng todo-todong pagtanggol ng mga ekonomista ng rehimen sa mga patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

Ayon sa mga ekonomista ni Duterte, ang pagbagsak ng pamumuhunan ay dulot diumano ng mga restriksyon ng konstitusyon sa dayuhang pamumuhunan at pagtagal ng “gera laban sa terorismo.” Gayunpaman, ang sinasabi nilang mga restriksyon ay dati nang umiiral. Gayundin, bumagsak na ang pamumuhunan bago pa man ideklara ni Duterte ang batas militar sa ngalan

ng “gera kontra-terorismo.” Anu't anupaman, ginagamit nila ito ngayon para paspasang ilabas ang pinakiling listahan ng mga negosyo at trabahong hindi pwedeng buong pagmay-ariin ng mga dayuhan (Foreign Investment Negative List), itayo ang bago at mas malawak na *export processing zone* (EPZ) at ag-resibong itulak ang reporma sa buwis na magpapababa sa babayaran ng mga korporasyon.

Ang mga hakbang na ito ay pinakahuli sa napakarami nang neoliberal na mga patakaran na ipinatupad ng magkakasunod na mga reaksyunaryong rehimen. Nakasalig dito ang pautang na ipinangako ng China at mga imperyalistang institusyon tulad ng Asian Development Bank at World Bank para sa engrandeng programa ng “Build, Build, Build,” isang programang sila rin ang makikinabang. Hindi naiiba ang kalakarang ito sa pagpapataw ng mga kundisyon kapalit ng utang, na dati nang mga patakaran ng International Monetary Fund at World Bank.

Paligsahan ng mga malakolonya

Dati nang bukambibig ng mga ekonomista ng reaksyunaryong estado ang kahalagahan ng dayuhang pamumuhunan sa pag-unlad ng bansa. Nakasalig dito ang mayor na mga programa sa ekonomya ng lahat ng mga magkakasunod na rehimen, kabilang ang rehimeng Duterte. Malaking usapin sa kanila na mas maliit ang dayuhang pamumuhunan na pumapasok sa Pilipinas kumpara sa ibang bansa sa Asia. Ang Vietnam, halimbawa, ay nagtala ng \$21.9 bilyong dayuhang kapital sa unang pitong buwan ngayong taon (kumpara sa halos \$150 milyon lamang sa Pilipinas). Nagtala din ng mas mataas na puhunan ang Indo-

nesia, Myanmar at Thailand.

Sa ulat kapwa ng American Chamber of Commerce (AmCham) at World Economic Forum (WEF), tinukoy nilang pangunahing mga kunsiderasyon sa paglalagak ng bagong kapital ang kahusayan ng bukrasya, partikular ang mga bilis at dulas ng mga proseso ng estado sa pagtatayo ng mga bagong negosyo at paglusot ng kanilang mga produkto sa adwana; pagkakaroon ng hilaw na materyales at suportang imprastruktura, mababang tantos ng korapsyon, maluluwag na regulasyon at mababang tantos sa pagbubuwis; at dami at saklaw ng mga bagong insentiba.

Sa Global Competitive Index ng WEF, mababa ang kunsiderasyon ng “istabilidad sa pulitika,” na mas nakatuon sa katatagan ng estado, “demokratiko” man ito o hindi. Halos wala silang pakialam sa krimen, implasyon at kalagayan ng manggagawa. Malaking salik din sa kanilang pamumuhunan ang kawalan ng lokal na proteksyunismo. Sa ulat ng AmCham, tinukoy nito na isang pinakapaborableng salik ang mababang pasahod, mataas na kasanayan ng mga manggagawa at positibong sentimyento sa pakikitungo sa US.

Sa Pilipinas, taliwas sa pinalalabas ng US at EU na “nababahala” sila sa mga pampulitikang pamamaslang dulot ng “gera kontra-droga” ng rehimen, sa aktwal ay halos hindi ito konsiderasyon sa kanilang pamumuhunan sa bansa.

Panikluhod ng rehimen

Para makaakit ng kapital, todo-todo ang pagsisikap ng rehimeng US-Duterte na daigin ang mga kaparehong malakolonya sa Asia sa pagpapatupad ng mga kundisyong maka-imperyalista. Sa ngayon, napakarami nang insentiba at pribilehiyong ibinibigay sa mga dayuhang kumpanya, laluna sa mga EPZ.. Kabilang dito ang paglibre sa buwis sa

kita nang hanggang walong taon, walang buwis sa ina-angkat na mga makinarya, pyesa at iba pang suplay, gayundin sa hilaw na materyales at suplay na ginagamit sa kanilang produksyon, walang VAT (*value added tax*) at subsidyo sa gastos sa pagsasanay. Sa pamamagitan ng mga kautusang ehekutibo, tiniyak ng rehimeng Duterte na magpapatuloy ang mga pagliligtas sa buwis at insentibang ito.

Kasabay nito, todo ang panunuyo ng rehimen sa mga dayuhang kumpanyang nagbabantang umalis ng bansa kapag patawan ng mga restriksyon o alisan ng mga pribelihiyo. Halimbawa nito ang sektor ng mga BPO (*business process outsourcing*) o mga *call center* na nagbantang magbawas ng kapital matapos aprubahan ng mababang kapulungan ng kongreso ang pagpapataw ng 12% VAT sa kanilang mga serbisyo. Agad-agad na tinanggal ng senado ang probisyong ito sa panukala.

Bahagi ng paninikluhod ng rehimen ang pagpako sa dati nang mababang sahod at pagsupil sa mga karapatan ng mga manggagawa para pumiga ng pinakamalaking kita ang mga dayuhang kumpanya. Bago pa man siya naging presidente, pinagbantaan na ni Du-

terte ang mga manggagawa sa mga *export processing zone*, kung saan pinakamarami ang mga kontraktwal, laban sa pagwewelga. Kasabay nito, todo ang pagtutulak ng rehimen sa paglalalatag ng mas marami at masasaklaw na *export processing zone* bilang “suportang imprastruktura.” Nitong Oktubre, inianunsyo na ng Philippine Economic Zone Authority ang pagtransporma sa 8,000 ektaryang lupa sa Mt. Diwalwal tungo sa isang EPZ na magpapalayas sa libu-libong maliliit na minero at kanilang pamilya. Dagdag dito, pinapaspasan ng rehimen ang paglalalatag ng iba pang suportang imprastruktura tulad ng elektrisidad at tubig.

Paulit-ulit na pinatutunayan ng rehimeng Duterte ang pangangayupapa nito sa mga imperyalistang among Amerikano at European, kapwa sa larangan ng ekonomya at militar. Sa harap nito, walang sagsay ang mga satsat at pagmumura ni Duterte laban sa kanilang kritisismo sa kanyang mapanupil na “gera kontra-droga.” Sa kabilang banda, batid din ng rehimen na hindi malaking kunsiderasyon sa mga imperyalista ang kanyang mga gerang mapanupil hanggang hindi ito sasagka sa kanilang paghuthot ng kita.

AB

Buwan ng Magsasaka

Mga Protesta sa Buong Bansa

Nitong Buwan ng Magsasaka, tuluy-tuloy na kumikilos sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga magsasaka para iparating ang kanilang disgusto sa rehimeng US-Duterte at ipanawagan ang tunay na reporma sa lupa. Sa nakaraang mga buwan hanggang sa kasalukuyan, kaliwa't kanang mga protesta at pagkilos ang kanilang inilunsad—mula sa mga bungkalan sa mga prubinsya ng Southern Tagalog, Central Luzon, Panay at Negros hanggang sa paggigiit na ilabas ang mga *installation order* sa mga plantasyon sa Mindanao.

Ngayong buwan, dalawang lakbayan ng mga magsasaka mula sa Visayas at Mindanao ang inilunsad para ipaggiitan ang kanilang mga karapatan. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 8.*) Karahasan ang sagot ng rehimeng Duterte at kasapakat nitong mga asendero sa mga pakikibakang magsasaka.

Pinakamarami sa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang, illegal na pang-aaresto at panggigipit ay galing sa kanilang hanay. Sa kabila nito, pursigido at militante nilang hinarap ang mga hamon at pandarahas. Dahil dito, umani sila ng mga tagumpay at suporta. Handa silang ipagtanggol ang mga ito at ibayo pang isulong ang kanilang mga pakikibaka para mapalaya ang kanilang uri.



Ilan sa malalaking asyenda at plantasyon

Hacienda Luisita
6,000 ektarya

Hacienda Dolores
2,900 ektarya

Hacienda Looc
8,650 ektarya

Yulo King Ranch
40,000 ektarya

Eduardo Cojuangco Jr. Estate
6,000+ ektarya

Fort Magsaysay
3,100 ektarya

Floirendo Banana Plantation
7,000+ ektarya

Eduardo Cojuangco Jr. Estate
1,000+ ektarya



Maka-asendero at maka-plantasyon

Bago pa man naging presidente si Rodrigo Duterte, itinutulak na niya ang ekspansyon ng mga plantasyon sa Mindanao. Katambal ng kanyang kumpare, na ngayon ay kalihim ng Department of Agriculture na si Manuel Piñol, tinangka noon ni Duterte na papasukin ang malalaking Chinese-Malaysian na kumpanyang agribisnes sa Davao, partikular sa Paquibato District, para maglatag ng plantasyon ng *oil palm*. Noong 2015, itinatag nila ang mapanlinlang na Paquibato People's Economic Empowerment Initiative at Davao City Oil Palm Development Council para paghandaan ito. Hindi nagpaloko at mariin itong nilabanang mga residente ng Paquibato.

Sa ngayon, aktibong itinutulak nina Duterte at Piñol ang Inclusive Partnerships for Agricultural Competitiveness (IPAC), isang programa ng World Bank na naglalayong saklawin ang 300,000 magsasaka sa 44 prubinsya sa programang ekspansyon ng mga plantasyong *oil palm*, goma, kakaw, kape, abaka at iba pang mga pananim na pang-eksport.

Ayon sa KMP, ang IPAC sa esensya ay pinaghalong PPP (Public-Private Partnership) at AVA (*agricultural venture agreement*) na ginagamit na ngayon para angkinin ng mga komersyal na plantasyon ang lupa ng maliliit na magsasaka. Sa ilalim nito, isasanib ang dayuhang puhunan na P5 bilyon sa pondo ng guberno (P6.7 bilyon) para ipailalim ang target na mga magsasaka sa mga kontratang agribisnes. Sa aktwal, ang dayuhang pondo na manggagaling sa World Bank ay dayuhang pautang at babayaran ng mga magsasaka pagkatapos ng 25 taon. Bilang katuwang diumano na tagapondo, obligadong magpalitaw ang mga magsasaka ng hanggang P1.4 bilyon sa loob ng limang taon bilang kontribusyon nila sa dam-buhalang negosyo. AB


Mga lakbayan ng magsasaka, inilunsad

Dalawang paglalakbay ang isinagawa ng mga magsasaka ngayong Oktubre para igiit ang kanilang mga karapatan at kabuhayan. Tumungo sa Maynila ang mga magsasaka mula sa Bukidnon at Davao del Norte habang nagtipon sa Cebu City ang mga magsasaka ng Visayas.

Inilunsad ng mga magsasaka mula sa Bukidnon ang Baktas (Lakbay) BTL simula Oktubre 12 para ipinanawagan ang pamamahagi sa 517 ektarya ng Central Mindanao University (CMU) na matagal na nilang sinasaka at itigil ang pampulitikang pamamaslang. Mainit silang sinalubong ng mga kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at mga estudyante at nagmartsa papunta sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City bago nagtayo ng kampuhan sa labas ng Department of Agrarian Reform (DAR).

Mula pa dekada 1970 sinasaka ng mga magsasaka ang lupa sa loob ng CMU, una bilang mga manggagawang-bukid ng Philippine Packing Corporation at sa kalaunan, bilang mga umuupa ng lupa. Noong 1989, ipinagkaloob sa kanila ng DAR ang 400 ektarya pero kinansela ng Korte Suprema ang kanilang mga CLOA noong 1992. Sa nakaraang mahigit dalawang dekada, kinailangan ng mga magsasaka na tuluy-tuloy na ipaglaban ang kanilang karapatang magsaka sa lupang dapat matagal nang ipinagkaloob sa kanila. Habang ipinagkakait sa kanila ang kanilang lupa, todo naman ang pagpapaupa ng CMU sa mga komersyal na plantasyon at iba pang agribisnes. Halos 1,500 ektaryang lupa ng CMU ang inuupahan ng malalaking panginoong maylupa at kumprador.

Noong Oktubre 17, nagprotesta ang mga magsasaka sa tapat ng DAR, hawak ang mga plakard na nananawagang buwagin ang



mgaasyenda at libreng ipamahagi ang lupa sa mga magsasaka. Mananatili sila sa Maynila hanggang Oktubre 25.

Kasabay nito, inilunsad din ng magsasaka mula sa Visayas noong Oktubre 17 ang Lakbayan ng Visayas patungong Cebu City. Dito, nagtipon sila para sa Rural Poor Summit na pinangunahan ng KMP-Visayas, BAYAN, NFSW at PAMALAKAYA. Itinuon ang aktibidad laban sa kagutuman, mga pampulitikang pamamaslang, mga neoliberal na patakaran at pag-alis ng batas militar na pinataw sa Mindanao.

Matinding kagutuman ang dinaranas ng masang magsasaka sa Visayas. Pito sa sampung magsasaka ay walang lupa habang ang 80% ng lupain ay nananatiling kontrolado ng malalaking panginoong maylupa. Ang mga magsasaka ay nakatali bilang kasamá at ang ilan ay umuupa lamang sa panginoong maylupa. Sa katimugang Cebu, kontrolado ng pamilyang Garcia ang 500 ektaryang lupa. Apektado rin ng operasyon sa pagmimina at pag-quarry ng APO Mining Corporation ang mga magsasaka sa mga bayan ng Naga, San Fernando, at Carcar.

Dalawang libong magsasaka ang naglakbay mula sa isla ng Negros

"Lakbayan..." sundan sa pahina 9

Pambansang tigil-pasada, tagumpay

Matagumpay na inilunsad ng PISTON ang dalawang-araw na tigil-pasada noong Oktubre 16-17 sa iba't ibang panig ng bansa para tutulan at labanan ang planong *phase-out* ng mga dyip na itinatago sa ngalan ng modernisasyon.

Binarikadahan ng mga drayber ang mga pangunahing lansangan ng mga syudad, kasama ang mga manggagawa, kabataan, kababaihan at iba pang mga komyuter na sumuporta sa kanilang panawagan.


Naparalisa ng PISTON ang mga mayor na ruta sa Metro Manila, Damariñas sa Cavite, San Pablo sa Laguna, Tanauan at Lipa sa Batangas, Rizal, Bicol, San Fernando Pampanga at Bataan. Sa Mindanao, nagtigil-pasada rin ang mga drayber sa Davao City, Cagayan de Oro, Bukidnon, Iligan, at Butuan. Nagkaroon din ng malawakang tigil-pasada sa Cebu.

Ayon kay George San Mateo, pambansang tagapangulo ng PISTON, ang

programa ni Duterte na *i-phase-out* ang mga dyip ay pagmasaker sa kabuhayan ng may 650,000 drayber ng dyip at 300,000 maliliit na opereytor.

Habang magdurusa ang mga drayber dahil sa mawawalang kabuhayan, bubusugin naman ng rehimeng US-Duterte ang mga malalaking korporasyon gaya ng Ayala, Aboitiz, Metro Pacific, Nissan, Hyundai, Toyota at Mitsubishi na siyang magpondo sa naturang proyekto na may kabuuang P417 bilyong halaga na pangangasiwaan ng LTRFB. Lansakang inalipusta ni Duterte ang mga drayber nang

"Tigil-pasada..." sundan sa pahina 10



"Lakbayan..." mula pahina 8

papunta sa Sta. Rosario, Cebu City at nagmartsa papunta sa Fuente Cebu, ang itinakdang pangunahing kampuhan ng mga delegado.

Bago nito, hinaras ng PNP noong Oktubre 12 si Albert Delacerna, *coordinator* ng KMP-Negros sa pamamagitan ng pag-akusa sa kanya na kumander ng BHB. Ipinagkalat ng pulis ang naturang intriga laban kay Delacerna na inakusahan nilang nanghingi sa kanila ng armas. Ang *red-tagging* o pagtatatak na BHB o komunista ang isang aktibista ng progresibong organisasyon ay dati nang gawain ng militar at inilalagay nito sa panganim ang buhay ng kanilang iniintriga. Labing-isang magsasaka sa Negros ang naging biktima na ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula nang maupo sa pwesto si Duterte. **AB**

Krisis sa asukal, magpapahirap sa mga sakada

NOONG MAAGANG bahagi ng Oktubre, naglunsad ng isang pulong ang 300 maliliit na magsasaka at manggagawang bukid sa mga tubuhan sa Negros Occidental para talakayin ang napipintong krisis sa asukal na dulot ng patakaran sa importasyon.

Ayon kay John Milton Lozande, pangkalahatang kalihim ng National Federation of Sugarcane Workers (NFSW), tuluy-tuloy na bumabagsak ang presyo ng asukal na nagdudulot ng matinding instabilidad sa prubinsya. Hindi na tumaas ang presyo ng asukal matapos bumagsak ito noong nakaraang taon dulot ng importasyon ng *high-fructose corn syrup* (HFCS) o asukal na galing sa mais. Noong Setyembre, nasa P1,370 kada 50 kilo (Lkg) lamang ang benta ng asukal, mas mababa sa P1800/Lkg noong nakaraang taon. Inaasahang bababa pa ito sa anihan sa Nobyembre at Disyembre. Halos katumbas na ng gastos sa produksyon ang presyo noong Setyembre.

Binatikos ng NFSW ang kawalang-aksyon ng estado kaugnay ng napipintong krisis. Batid nilang hindi lamang dulot ng sobrang importasyon ng HFCS ang krisis kundi sa tuluy-tuloy na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sa ekonomya. Anito, ang kalakarang ito ay lalo lamang nagpalala sa pagiging atrasado ng baseng industriya ng bansa at kawalan ng tunay na reporma sa lupa. Pinakaapektado ng napipintong krisis na ito ang daanlibong manggagawang bukid at maliit na magsasaka na dati nang dumaranas ng matinding kahirapan. Sa kabuuan ng isla, umaabot sa 178,000 ang manggagawa sa tubuhan habang 16,000 ang nagtatrabaho sa mga asukarera.

Ang ekonomya ng Negros ay nakasandig sa produksyon ng asukal. Mataas ang konsentrasyon ng pagmamay-ari ng lupa sa isla kung saan 50% ng kabuuang produksyon na nakapaloob sa sistemang asyenda ay hawak lamang ng halos 500 indibidwal. Hindi nakatulong sa pagbuwag ng mga asyendang ito ang huwad na CARP at CARPer. Sa ngayon, nakikibaka ang maliliit na magsasaka at mga sakadang biktima ng huwad na CARP para bawiin ang kanilang mga lupa at bungkalin ang mga ito ayon sa kanilang pangangailangan. **AB**

minura sila't sinabihan sa isang pagtitipon sa Naga City na "Mahirap kayo? Magtiis kayo sa gutom, wala akong pakialam!"

Sa naturang programa ng rehimeng US-Duterte, papalitan ang mga lumang dyip ng e-jeep na nagkakahalaga ng 1.5 milyon kada isa at magresulta sa pagtaas ng pasaha nito tungong P20.00 sa minimum. Umiiral na ang pagbyahe ng ilang e-jeep sa ilang lugar sa Quezon City.

Binatikos ng iba-ibang grupo at sektor, kabilang ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang tugon ni Duterte sa protesta ng mga drayber at kanyang mga kontra-mahirap na pagmumura. Noong Oktubre 19, nagpiket sa Gate 7 ng Malacañang ang mga myembro ng Anakbayan para kundenahin ang pag-alisputa ni Duterte sa mga drayber at mahihirap.

Piket-protesta laban sa kontraktwalisasyon

Naglunsad ng mga piket ang Kilusan ng Manggagawang Kababaihan at Gabriela sa pitong sangay ng SM noong Oktubre 11 upang iprotesta ang anti-manggagawang mga patakaran ng malaking kapitalistang si Henry Sy.

Ang SM ang isa sa malalaking kumpanyang may malaking bilang ng manggagawang kontraktwal. Mayroon itong 150,000 manggagawa, na karamihan ay kababaihan, sa 63 sangay nito. Karamihan sa kanila ang may kontratang nagtatagal lamang ng tatlo hanggang limang buwan—mula sa mga *saleslady* at kahera, hanggang sa mga superbisor at mga empleyado sa loob mismo ng upisina nito. Tumatanggap sila ng mababang pasahod habang nagtatrabaho ng sobra sa walong-oras na paggawa nang hindi binabayaran ng overtime at *night differential*. Sila ang nagbabayad para sa kanilang mga uniporme, at maging ng kanilang *make-up* at *lady shoes*.

Habang maghapon nakatayo ang mga manggagawa ng SM,

nabubundat naman ang kapitalistang si Henry Sy sa tubong kinakamal ng mga *mall* nito. Si Sy ang pinakamalaking kapitalista sa Pilipinas. Noong 2016 iniulat ng publikasyong *Forbes* na umaabot sa \$12.9 bilyon ang yaman nito. Nitong taon, nadagdagan pa ang kanyang yaman ng \$5 bilyon.

Naging sentro ng piket-protesta ang SM sa North Edsa sa Quezon City. Nilunsaran din ng piket-protesta ang mga *mall* ng SM sa Bicutan, Manila, Calamba Laguna, Bacolod, Delgado Iloilo, at Clark Pampanga. Nanawagan ang mga kababaihang nagprotesta na wakas na ang kontraktwalisasyon, gawing regular ang mga manggagawa ng SM, at ipatupad ang pambansang minimum na sahod.

Ayon kay Gabriela Partylist Rep. Emmi de Jesus, ang SM ang promotor ng kontraktwalisasyon sa bansa at nararapat lamang na labanan upang ilantad ang mala-impyernong kalagayan ng mga manggagawa sa loob ng mga *mall* nito.

Protesta ng mangingisda

Noong Oktubre 12, pinamunuan ng PAMALAKAYA ang piket ng mga residente mula sa Barangay Tangos sa Navotas sa harap ng *city hall* ng syudad para kundenahin ang lokal na pamahalaan sa pagiging anti-manggagawa at anti-mangingisda nito. Ang nasabing barangay ay tatamaan ng proyektong Navotas Boulevard Business Park na may kabuuang sukat na 650-ektarya at nasa ilalim ng National Reclamation Plan of the Philippine Reclamation Authority na nasa balangkas ng dating programang Public-Private Partnership at ngayon ay nakalakip sa programang "Build, Build, Build" ng rehimeng Duterte.

Nasa 20,000 residente ang mawawalan ng kabuhayan at tirahan dahil sa proyektong ito.

Muling naglunsad ng protesta noong Oktubre 17 ang PAMALAKAYA sa pamamagitan ng parada ng mga bangka sa Manila Bay mula sa

Barangay Tangos patungo sa Navotas Centennial Park.

Mangangalahig, nagrali

Sa pangunguna ng GABRIELA-Tondo, libong mangangalahig ang nagpiket sa tapat ng Department of Natural Resources and Environment (DENR) noong Oktubre 9. Nanawagan sila kay Sec. Roy Cimatu na muling buksan ang Philippine Ecology System (PhilEco) *load-and-transfer site* (tambakan ng basura) sa Tondo na siyang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.

Ang PhilEco ay pinatatakbo ni Regis Romero, at ipinasara ng DENR dahil sa paglabag diumano nito sa mga pamantayang pangkaligtasan. Nagtuturuan ang mga upisyal ng barangay, *city hall*, EMB at DENR sa pagharap ng mga hinaing ng mga mangangalahig.

Sampung araw nang hindi makapagtrabaho ang mga mangangalahig ng naturang tambakan na nagresulta sa pagkagutom ng kanilang mga pamilya at kasalatan ng pondo para makapasok ang kanilang mga anak.

Ayon sa GABRIELA-Tondo, tanging sa pambansang industriyalisasyon lamang magkakaroon ng makataong trabaho at mawawakasan na ang pag-asa ng mga maralita sa basura.

Samantala, naglunsad ng piket-protesta sa *city hall* ng Maynila noong Oktubre 18 ang mga kasapi ng United Vendors Alliance, dahil sa ginawang paggiba sa kanilang mga tindahan sa bangketa sa Morayta na tinaguriang "Hepa Lane" ng lokal na pamahalaan. Kinundena nila si Mayor Joseph Estrada sa ginawa nitong pagwasak sa kanilang mga paninda at stall sa Morayta.

Samantala, nagmartsa noong Oktubre 19 ang KALIKASAN, AGHAM at BUKAL sa DOJ para kundenahin ang ahensya sa pagkawala ng kabuhayan ng mamamayan ng Lobo, Batangas dulot ng pandarahas at pambobomba ng AFP. AB

"Bangon Marawi" para sa ilan

Noong Oktubre 17, sa ika-148 araw mula nang ipataw ang batas militar sa Mindanao at simulang bombahin ng AFP ang Marawi, idineklara ni Rodrigo Duterte na malaya na diumano ang syudad sa impluwensya ng teroristang "ISIS." Ito ay matapos ianunsyo ng Armed Forces of the Philippines at ni DND Sec. Delfin Lorenzana ang pagpatay kina Omarkhayam Maute at Isnlon Hapilon ng Abu Sayyaf Group.

Sa kanyang talumpati, pakunwari siyang humingi ng kapatawaran sa mamamayan ng Marawi dahil sa idinulot na pagkawasak sa kanilang syudad at malawakang dislokasyon ng kanyang gera. Sa kabila ng hiling ng mga residente na makabalik na sa kanilang lugar, patuloy silang pinagbabawalan na pumasok sa syudad sa pagtatangkang itago ang katotohanan sa likod ng gera.

Hanggang ngayon, paulit-ulit na itinuturo ang Maute na nagwasak sa Marawi samantalang malinaw na ang walang habas na pambobomba ng eroplano at helikopter ng militar ni Duterte kasabwat ang tropang US ang sanhi nito. Hindi bababa sa P5 bilyon ang inaamin ng DND na ginastos ng rehimen sa limang buwang pagkubkob sa syudad.

Sa pinakahuling ulat ng Marawi Crisis Center na pinatatakbo ng mga lokal na opisyal ng Lanao del Sur, umabot sa mahigit 500,000 residente ang napalayas sa kanilang mga tahanan. Libu-libo ang hindi na muling makita at pinaniniwalaang napatay sa pambobomba at pananalakay ng AFP. Sa kanilang tantya, umaabot sa P100 bilyon ang halaga ng mga nasirang ari-arian ng mga residente at negosyante sa syudad.

Noong Hunyo pa binuo ni Duterte ng Task Force Bangon Marawi para magtiyak sa rehabilitasyon ng syudad. Sa pamamagitan ng TFBM, nasiguro ni Duterte na pabor sa kanya at sa interes ng AFP, US at alyadong negosyante ang rekonstruksyon ng Marawi.

Kahit hindi pa natatapos ang gera, nag-unahan na sina Ramon

Ang at Dennis Uy na nagpahayag na tutulong sa rehabilitasyon. May ilang grupo na rin ng mga negosyante ang nagmungkahing gawing pook panturista ang lugar.

Tusong kinokopo ni Duterte ang kontrol sa pulitika sa pamamagitan ng pagbabanta sa mga lokal na opisyal ng Lanao na patatalsikin sa pwesto sakaling humadlang o kumontra sa kanilang mga plano.

Upang bigyang katwiran ang kanilang pang-aagaw ng lupa, hinalungkat ng AFP ang 1953 Presidential Decree na nagtatakda na isang *military reservation* ang 6,000 ektarya ng 8,755 ektaryang lupa ng Marawi. Sakop rin nito ang mga bayan ng Marantao, Piagapo, Saguiran at ilang bahagi ng Lake Lanao. Ayon sa PAG-IBIG, ahensyang mamamahala sa pagpapautang para sa pabahay, mayorya sa mga lupang kinatitirikan ng mga bahay sa Marawi ay pagmamay-ari ng gubyerno, kabilang ang 1,000 ektaryang sakop ng Mindanao State University kaya mahihirapan diumano silang magtayo ng paba-

hay. Kung gayon, lalabas na hindi na makabalik ang mga residente sa kani-kanilang mga lote.

Samantala, limang buwan nang nagtitiis ang libu-libong pamilya sa mga relokasyon at pansamantalang tirahan. Ang tanging naibigay ng rehimen ay ang limos na P1,000 ayudang pera kada pamilya. Ipinagmamalaki ngayon ng rehimensing Duterte at *martial law administrator* nito na si Lorenzana ang pabahay at ang bilyun-bilyong pisong ayuda mula sa US, World Bank at Asian Development Bank.

Gayunpaman, wala ni anumang tulong ang nakararating sa mga bakwit. Sa halip, plano ng rehimen na pagsisiksikin ang 50,000 pamilya sa 11-ektaryang proyektong pabahay sa Barangay Sagonsongan sa loob ng syudad. Ayon sa National Housing Authority, sa mahigit 7,500 pabahay, 1,500 kabahayan lamang ang maitatayo nila sa taong 2017. Bawat bahay, na may laking 26 metro kwadrado, ay paghahatian ng tatlong pamilya na may laking 26 metro kwadrado. Hahatiin ang buong barangay sa limang erya na may komun na kusina, banyo at palikuran. Ang ganitong kalagayan ay magpapatindi sa masahol nang kalagayan ng mamamayan ng Marawi. AB



Panggigipit, tugon ng rehimen sa malakas na pagkilos ng mamamayan

Walang ibang tugon ang rehimen ng US-Duterte sa lumalakas na pagkilos ng mamamayan laban sa kanyang tiraniya kundi ang patuloy na panggigipit sa mga progresibong organisasyon at pandarahas sa mamamayan ng nakikipaglaban para sa kanilang mga batayang karapatan.

Sa Metro Manila, humigit-kumulang 700 pamilya ang nawalan ng tahanan sa pagdemolis ng mga pulis ng Pasig sa mga kabahayan sa East Bank Manggahan Floodway sa Barangay Sta. Lucia, Pasig noong Oktubre 18. Dati nang tinutulan ng komunidad ang demolisyong ito at napigilan ng kanilang pagkilos ang naunang tangkang demolisyon noong Agosto 31. Nagulat ang mga residente na kahit ang mga hindi pumayag sa relokasyon ay idinamay ngayon. (*Tingnan ang Ang Bayan, Setyembre 7 para sa karagdagang detalye.*)

Pampanga. Isang tim ng Special Action Force ng PNP ang nag-abang bandang ala-6 ng umaga ng Oktubre 17 sa San Fernando Crossing katapat ng pinagpwestuhan ng PISTON-Pampanga sa unang araw ng kanilang tigil-pasada at protesta. Tinangka nilang pigilan ang mga drayber na lumahok sa malawakang welgang transportasyon. Ayon sa mga drayber ng Angeles City, umaga palamang ng Oktubre 16 ay may nagbahay-bahay na ang mga pulis para bantaan ang mga drayber na isusumbong sa meyor kapag hindi sila namasada.

Isabela. Dalawang di-nagpakilalang lalaki ang bumuntot sa istap ng Karapatan mula sa upisina ng Makabayan sa Santiago noong Oktubre 16. Patungo ang istap sa kakausaping mga pamilya ng pinakahuling biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa bayan ng Benito Soliven. Tumigil lamang sa pagsunod ang mga salarin nang humingi ng tulong ang naturang istap sa mga upisyal ng isang barangay.

Misamis Oriental. Noong Oktubre 15, pinasok ng mga sundalo

ng 58th IB ang bahay ni Joseph Paborada, tagapangulo ng Pangalasang, isang organisasyon ng mga katutubong Higaonon na naninirahan sa Bagoceboc at iba pang katating barangay sa Opol. Inakusahan siyang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan at binalaang ikukulung kung hindi siya umamin at sumuko.

Ang kapatid ni Paborada na si Gilbert ay dating tagapangulo ng Pangalasang nang patayin siya ng mga ahente ng estado noong Oktubre 3, 2012. Pumalit sa kanya sa pamumuno si Paborada. Ipinagtanggol ng Pangalasang ang lupang ninuno laban sa pangangamkam ng lupa ng A Brown Energy and Resources Development, Inc., na nagtatayo ng mga plantasyon ng *oil palm* sa rehiyon. Kasalukuyang nagsasagawa ang organisasyon ng bungkalan sa kinakamkam na lupa.

Masbate. Sunud-sunod ang paglabag sa mga karapatang-tao sa iba't ibang barangay nitong buwan. Noong Oktubre 15, pinaalis ng mga pulis ang mga raliyista sa isang Mass Action Center sa Gaisano Mall sa Masbate City. Inagaw ng isang pulis na may apelyidong Abejuela ang selpon ng isang aktibista at binura lahat ng litrato roon.

Madaling araw ng Oktubre 9 ay lumikas ang hindi bababa sa 20 pamilya ng Sityo Tagaytay, Barangay Maglambong, Monreal dahil sa takot sa mga nag-ooperasyong tropa ng Alpha Coy ng 2nd IB, 31st IB at Public Safety Battalion ng PNP. Isang residente na nagngangalang Jake ang binugbog at tinusok sa mata.

Isang araw bago nito ay iligal

na pinasok ang mga kabahayan nina Gina Bitangcor Almosara, Marlon Almosara, Myra Onggotan, Marichris Labustro at Vicky Almosara. Hinalughog at pinagsisira ang mga kagamitan nila at ninakaw ang kanilang mga alagang hayop, habang ang mga paninda ni Gina Almosara ay ninakaw ng mga militar.

Noong Oktubre 2, pinatay ng mga militar at pulis si Vicky M. Bunan at malubhang sinugatan ang isang babae at lalaki sa Barangay Poblacion, Monreal.

Camarines Sur. Pinatay noong Oktubre 10 si Angelo Luka Alarcon Bisuña, 38, habang nasa kustodiya ng PNP-Caloocan. Dinakip ng PNP-Baao si Bisuña noong huling bahagi ng Setyembre dahil diumano sa pagiging adik, ngunit bigla siyang inilipat sa Caloocan, Metro Manila, at hindi ipinakita sa kapatid na babae nang sikapin nitong bumisita. Nangingitim ang mga paa at puno ng pasa ang inilabas na bangkay ni Bisuña. Idineklara ng Caloocan Police na namatay ito sa 'di malamang mga kadahilanan,' at wala diumano siyang mga kamag-anak. Si Bisuña ay anak ng dating mga aktibistang Jobski at Jo Bisuña ng Baao.

Samar. Sa Basey, siyam ng residente ng Barangay Mabini ang pinwersa ng 87th IB na tumayo bilang mga pekeng *surenderee* " (mga sumuko) " na BHB. Pinakabata rito si Benita Mabag, kasapi ng Kabataan Party-list Western Samar at estudyante ng Mabini National High School. Ilang araw siyang ininteroga ng mga pwersa ng AFP mula Oktubre 5. Matapos nito, ibinalita ng AFP sa pahayagan sa Eastern Visayas na humihingi ng saklolo si Mabag dahil nirerekrut umano siya ng BHB. Ang iba pang ininteroga ay sina Jaypee Macasadoc, Pamfilo Incenas, Rafael Sablan, Dioricio Algera at ama ni Benita na si Amado. AB